



AHA! LEARNING CENTER'S

ESKWELANG PAMILYA

 /ahalearning  /ahalearns

BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

Lesson 8

Pambungad

Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **“Pagtatapos ng Enhanced Community Quarantine”**. Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!

Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool – Lesson 8

Sources: Rappler & Department of Health

I. PAGBATI

Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 🧑🏫 🏠. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🤔 🌈

II. ? KATANUNGAN SA ARAW NA ITO

Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Jacob ng Makati.



Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, hanggang kailan po ba ako dapat mag-stay sa loob ng bahay? Matatapos pa po ba ito? Makikita ko pa po ba ang aking mga kaibigan?

III. 🗨️ PAG-USAPAN NATIN

Hello, Jacob!

Salamat sa iyong tanong. 😊

--

Ibinahagi ni Presidente Rodrigo R. Duterte ang EXTENSION ng ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE hanggang sa ika-15 ng Mayo sa mga lugar na hanggang ngayon ay may mataas na banta pa rin ng COVID-19. 📅🕒

Pero, pwede pa rin itong humaba o tumagal pang muli kung hindi pa rin mapapababa ↓ ang bilang ng positibo sa COVID-19 at hindi pa mapipigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa bansa. ❌🇵🇭

(Oops! 🙌👉 Huwag mainip. Ang mahalaga matigilan ang pagkalat ng COVID-19 para hindi na makapanghasik ng lagim ang coronaviruses sa mga tao.)

IV. 🧼 HAMON

Sa ngayon, panatilihin muna natin ang kalinisan at kalusugan ng ating katawan. Dalasan natin ang paghuhugas ng kamay 🧼, paggamit ng alkohol +, pag-eehersisyo 🏃♂️, pagtulog nang wasto 🛌, pag-inom ng maraming tubig 🥛, at pagkain ng masusustansyang pagkain 🍲 para maging malakas ang ating resistensya. 🍌👉

Itaboy din natin ang mga outsider na germs, bacteria, at viruses na tumatambay sa ating bahay ❌🏠. Iparamdam natin sa kanila na hindi sila welcome sa ating pamilya sa pamamagitan ng pag-spray ng alkohol sa mga sapatos +👠, at pagpunas ng basahan na may bleach sa mga bagay na madalas gamitin. 🧼

Bukod pa rito, sulitin din natin ang oras na ito sa pakikihalubilo sa ating kapamilya. Makipag kwentuhan, makipag-usap, at makipag laro sa ating mga kapatid at magulang. Kung hindi man, manood ng paborito niyong telenobela o di kaya'y gawin ang dating libangan ng inyong pamilya. 🕒👨👩👧👦📺

Tandaan lang na kung babahing, uubo 🦌, o sisinga 🐘 ay magtakip ng bibig o ilong 🤧 gamit ang panyo, tisyu 🧻, o loob ng siko 🦵 (parang dab) para hindi tumalsik ang virus sa ibang tao o bagay.

Tandaan, sa THE HOUSE OF US, siguraduhing HELLO, COVID, GOODBYE! 🏠👋

V. 💡 PAG-ISIPAN

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔍 Kailan magtatapos ang pagpapatupad ng "Enhanced Community Quarantine" sa mga lugar na mataas pa rin ang banta ng COVID-19?

🔍 Pwede pa ba itong tumagal?

- 🔵 Ano ang posibleng dahilan kung bakit magtatagal pa ang pagpapatupad ng “Enhanced Community Quarantine”?
- 🔵 Magbigay ng 2 paraan kung papaano mapapanatiling malinis ang katawan.
- 🔵 Magbigay ng 2 paraan kung papaano mapapanatiling malusog ang katawan.

VI. 🙌 PANGWAKAS NA BATI

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. → 📱 👤 🏠 🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?”
👤 🏠 👤 🏠 ?

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 😊

–

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."